

Tumulong Sagipin ang Iba

(Pambungad na Panalangin, pahina ii)

I. ANG TATLONG PAGBASA

UNANG PAGBASA (Am 8:4-7)

⁴PAKINGGAN ninyo ito, kayong sumisikil sa nangangailangan at kayong umaapi sa mga dukha. ⁵Ang sabi ninyo sa inyong sarili, “Inip na inip na kaming matapos ang mga araw ng pamamahinga. Hindi tuloy namin maipagbili ang aming mga inani. Kailan ba matatapos ang araw ng pamamahinga, para mailako namin ang mga trigo? Tataasan namin ang halaga, gagamit kami ng maling takalan at dadayain namin sa timbang ang mga mamimili. ⁶Sa halaga ng isang pares na sandalyas, aming bibilhin bilang alipin ang taong dukha. Pati tulyapis ng trigo ay ipagbibili namin sa mataas na halaga.”

⁷Sumumpa ang Panginoon, ang Diyos ng Israel: “Hindi ko na maipatatwad ang masasama nilang gawa.”

Tema: Mga Pang-aabuso

PAGPAPALIWANAG

- Si Amos, nagmula sa Tekoa, Judah. ay isang propeta ng katarungang panlipunan. Siya ang kauna-unahang propetang manunulat. Nangangaral na siya bago pa man ang pagpapatapon sa Babilonya.
- Sa sulat (orakulo), nagbabala si Amos sa mga nanggigipit sa mahihirap at sa mga nangangailangan (parallel): kayong mga nanamantala sa mga nangangailangan// kayong sumisira sa mga lupain ng mga mahihirap (b.4).
- Sa b.5 pinagtutuonan ang pagiging balisa ng mga nanamantala sa kanilang mga tungkulin.
- Sa b.5b, binigyang tuon na ang mga



nanamantala ay ang mga negosyante.

- Sila ay nandaraya sa pamamagitan ng pag-alis ng ephah (kaukulang pamantayan ng sukat, higit pa sa timbang) pagdadagdag sa timbang (pera, at sukat) pagmamanipla sa timbangan.
- Sa b.6, binigyang pansin na ang mga nanamantala ay bumibili ng mga alipin sa mababang halaga.
- Kumikita sila sa kahit na anong pamamaraan.
- Sa b.7, nagsisilbi itong malaking babala sa mga nanamantala.
- Darating ang panahon na sila ay kukunin at pupuksain.

PAGNINILAY

Si Amos ang tagapaghatid ng mensahe ng Panginoon (hinanakit, babala) sa mga may kapangyarihan at may kontrol sa ekonomiya na nanggigipit at nang-aapi sa mga mahihirap.

Kaya, ang Kaharian sa Hilaga (Israel) ay pinarusahan dahil hindi sila tumigil, paghinto at pagtigil sa paggawa ng katiwalian. Ito ay winasak ng mga taga Assyria noong 721 B.C.E..

Maaaring ito ay mangyari sa atin kung hindi tayo titigil sa pananamantala sa mga mahihirap.

SALMONG TUGUNAN (Slm 112)

**PURIHIN ANG POONG DIYOS NA SA DUKHA'Y
NAGTATAMPOK.**

IKALAWANG PAGBASA (1 Tim 2:1-8)

Panalangin para sa lahat, para sa mga may kapangyarihan

¹PINAKAMAMAHAL KO, una sa lahat, ipinakikiusap kong paabutin ninyo sa Diyos ang inyong kahilingan, panalangin, pamanhik, at pasasalamat para sa lahat ng tao. ²Gayundin ang gawin ninyo para sa mga hari at mga maykapangyarihan

Dahilan ng Panalangin

upang makapamuhay tayo nang tahimik at payapa, marangal at may kabanalan. ³Ito ang mabuti at nakalulugod sa Diyos na ating Tagapagligtas na ang ⁴ibig ay maligtas ang lahat ng tao at makaalam ng katotohanan.

Dahilan

⁵Sapagkat iisa ang Diyos at iisa ang tagapamagitan sa Diyos at sa mga tao, ⁶ang taong si Kristo Hesus na naghandog ng kanyang buhay upang tubusin ang lahat. Siya ang katunayan ng banal na layunin ng Diyos at nahayag sa takdang panahon.

Misyon ni Pablo (Manunulat)

⁷Dahil dito, ako'y hinirang na mangangaral, apostol at tagapagturo ng pananampalataya at ng katotohanang ito sa mga Hentil. Katotohanan ang sinasabi ko, hindi ako nagsisinungaling.

⁸Ibig kong ang mga lalaki sa lahat ng dako'y manalangin may malinis na kalooban, walang hinanakit o galit sa kapwa.

Tema: Kaisa-isang Diyos/Tagapamagitan

PAGPAPALIWANAG

- Sa b.1 si Pablo ay humingi ng panalangin kay Timoteo (Obispo ng Efeso) para sa lahat kasama ang mga hari at ang mga nasa kapangyarihan (Tagapagmahala). Bakit?
- Bakit? Sabi ng b.2: upang pangunahan ang mapayapang pamumuhay.
- Ang mga may kapangyarihan ay may kakayahang siraan ang ating mga komunidad. (gahaman at inggit)
- Mapayapang pamumuhay ang sabi ng b. 3.
- Ito ay simbolo ng kaligtasan. Malalaman natin ang katotohanan (b.4).
- Pangunahing dahilan ng pagdarasal: may iisang

Panginoon lamang, iisang tagapamagitan, Hesukristo [hindi kung sinuman, hindi ang hari o anumang kapangyarihan] (b.5).

- Sa b. 7, pinagtuunang pansin ang pakay ni Pablo bilang tagapagpangaral, apostol at guro.
- Naglalaman ang b. 8 ng pangarap ni Pablo: ang manalangin na walang galit o pag-aalinlangan (pang iinsulto).

PAGNINILAY

Ang pakiusap ni Pablo sa pamamagitan ng panalangin ay na ialay natin ang ating sarili sa iisang Diyos, at sa iisang tagapamagitan na si Hesukristo.

MABUTING BALITA (Lc 16:1-13)

Pinatalsik ang Katiwala

¹NOONG panahong iyon, sinabi ni Hesus sa kanyang mga alagad, “May isang mayaman na may isang katiwala. Isinumbong sa kanya na nilulustay nito ang kanyang ari-arian. ²Kaya’t ipinatawag niya at tinanong: ‘Ano ba itong naririnig ko tungkol sa iyo? Isulat mo sa akin ng buo ang pangangasiwa mo sa aking ari-arian pagkat mula ngayon ay hindi na ikaw ang katiwala ko.’

(Ang katiwala sa kontekstong ito sa Palestina ay parang mga ahente ng buwis [custom agents]. Ang katiwalian ng katiwala ay ang paglulustay ng ari-arian ng mayamang amo. May nagreport sa amo at kailangan mag-accounting ang katiwala.)

Ang katiwala ay nag-isip isip paano na ang kanyang buhay

³Nawika ng katiwala sa sarili, ‘Aalisin na ako ng aking panginoon sa pangangasiwa. Ano ang gagawin ko? Hindi ko kayang magbungkal ng lupa; nahihiya naman akong magpalimos. ⁴Ah, alam ko na ang aking gagawin! Maalis man ako sa pangangasiwa, may tatanggap din sa akin sa kanilang tahanan.’

(Pinakilos ng katiwala ang kanyang dumong upang manatiling mamumuhay. Alam niya ang kanyang kakayahan at limitasyon. Bilang katiwala alam din niya kung paano ang kalakaran ng buhay niya. Dudulog siya sa kanilang tahanan. Kanino? Ang tahanan ng mga nagkakautang sa mayamang amo.)

⁵Isa-isa niya ngayong tinawag ang mga may utang sa kanyang panginoon. Tinanong niya ang

una, ‘Gaano ang utang mo sa aking panginoon?’ *(Ang katiwala ay kumilos batay sa kanyang plano. May sistema. Planado.)*

Unang Nagka-utang

‘Sumagot ito, ‘Sandaang tapayang langis po.’ ‘Heto ang kasulatan ng iyong pagkakautang. Dali! Maupo ka’t gawin mong limampu,’ sabi ng katiwala. *(50 ang bawas. Ang Daya!)*

Ikalawang Nagka-utang

‘At tinanong naman niya ang isa, ‘Ikaw, gaano ang utang mo?’ Sumagot ito, ‘Sandaang kabang trigo po.’ ‘Heto ang kasulatan ng iyong pagkakautang,’ wika niya. ‘Isulat mo walumpu.’ *(20 ang bawas, madaya pa rin!)*

Ang sabi ng panginoon

‘Pinuri ng panginoon ang mandarayang katiwala dahil sa katalinuhang ipinamalas nito. Sapagkat ang mga makasanlibutan ay mas mahusay gumawa ng paraan kaysa mga maka-Diyos.’

(Parang pinahintulutan ng Diyos ang pandaraya. Bakit niya pinuri ang mandarayang katiwala? Pero ang papatalsikin siya dahil hindi mahusay ang kanyang pamamalakad ng mga ari-arian. Kelangang suriin natin ang tanong.

May mga dalubhasa sa bibliya na nagsasabing ang katiwala ay pinuri hindi dahil sa kanyang pandaraya kundi sa kanyang pagsoli sa mga nagkautang ang mga nininakaw niya sa kanila (mga umutang). Kung baga tubong lugaw ang pautang niya para sa kanya. Kaya sa pamamagitan nito ay naitama niya ang kanyang pandaraya. Kaya lalong ituring siyang kaibigan at patutuluyin ito sa kanilang tahanan.)

Turo ni Hesus: Kayamanan

‘At nagpatuloy si Hesus ng pagsasalita, ‘Kaya’t sinasabi ko sa inyo: gamitin ninyo sa pakikipagkaibigan ang kayamanan ng sanlibutang ito. Maubos man ito’y may tatanggap naman sa inyo sa tahananang walang hanggan.

(Huwag magdamot. Hindi mo madala sa langit ang kayamanan. Gamitin ang kayamanan sa pakikipagkaibigan.)

¹⁰Ang mapagkakatiwalaan sa maliit na bagay ay mapagkakatiwalaan din sa malaking bagay; ang magdaraya sa maliit na bagay ay magdaraya rin sa malaking bagay. ¹¹Kung hindi kayo mapagkakatiwalaan sa mga kayamanan ng sanlibutang ito, sino ang magtitiwala sa inyo ng tunay na kayamanan? ¹²At kung hindi kayo mapagkakatiwalaan sa kayamanan ng iba, sino ang

magbibigay sa inyo ng talagang para sa inyo?

(Huwag maliitin ang mga maliit na bagay. Ipakita na mapagkakatiwalaan ka sa mga maliit na bagay. Ang mga malalaking bagay ay ipagkakatiwala sa iyo. Ingatan ang ipinagkakatiwala sa ‘yo kahit na maliit lang ito. Sa pamamahala nito, gawin mo ang lahat mong makakaya ayon sa gusto ng Panginoon. Katiwala lang kayo. Hindi maaring gawain mo ang mga bagay para lang sa iyong kagustuhan. Igalang ang may-ari na may tiwala sa iyo.)

Turo ni Hesus: Katapatan ng Puso

¹³“Walang makapaglilingkod nang sabay sa dalawang panginoon. Sapagkat kapopootan niya ang isa at iibigin ang ikalawa, paglilingkuran nang tapat ang isa at hahamakin ang ikalawa. Hindi ninyo mapaglilingkuran nang sabay ang Diyos at ang kayamanan.”

(Kung pipiliin mo ang Diyos, itakwil ang kayamanan. Hindi maaring ipagsama ang dalawa. Sa ating paglilingkod sa Diyos, kailangan ang katapatan. Pokus tayo sa Diyos. Hindi magkakat. Marami kasing istorbo sa buhay. Hinahati ng kayamanan ang ating taos-pusong paglilingkod sa Diyos. Inaagaw nito ang ating totoo at buong kaloobang paglilingkod sa Diyos.)

PAGNINILAY

Magiliw na tinatanggap ni Hesus ang sino mang lumalapit sa kanya. At nakikisalamuha sa mga Pariseo na nag-iimbita sa kanya upang makisalo sa hapunan.

II. PAG-UUGNAY

Ang Unang Pagbasa ay tumututol sa mga may kapangyarihan na nang-aapi sa pamamagitan ng pananamantala sa mga mahihirap.

Ang Pangalawang Pagbasa ay ang paghingi ng panalangin para sa mga makapangyarihan upang hindi sila maging dahilan ng anumang kaguluhan sa sanlupaan.

Ang Mabuting Balita ay tumatalakay sa pagiging totoo at tapat na katiwala. Ang kapangyarihan ay kailangang maisabuhay ng may mahusay na pagpapasya.

Pagpapaliwanag: Fr. Cielo Almazan , OFM
Isinalin ni Rico Sañano

(Pangwakas na Panalangin, pahina ii)